NEW MUSLIM
ACADEMY

# ANG TUNGKULIN AT KAHALAGAHAN NG LAYUNIN SA PAGSAMBA

Ang layunin ay ang diwa ng pagsamba. Ang bawat gawaing pagsamba ay may panlabas at panloob na bahagi. Ang panlabas na bahagi ay ang pisikal at ang nakikitang bahagi ng paggawa. Maaaring ito ay pagbabasa ng Quran, pagsasagawa ng itinakdang pang-araw-araw na pagdarasal, pagbibigay ng kawanggawa, pag-aayuno, pagsasagawa ng peregrinasyon o anumang iba pang gawaing pagsamba. Nandiyan din ang panloob na bahagi, ito ang nararamdaman at tinutukoy ng puso, at dito nakasalalay ang layunin.

Upang ipaliwanag ang kahalagahan nito, si Propeta Muhammad (SAWS) ay nagsabi, "Katotohanan, ang lahat ng mga gawain ay hinuhusgahan ayon sa kanilang layunin, at ang bawat isa ay tatanggapin kung ano ang kanilang nilayon." Kaya, ang bawat gawain ay nangangailangan ng isang layunin upang ito ay maging tama at wasto. Ang layunin na ito ay may dalawang hangarin, ang una ay tiyaking ginagawa ito ng eksklusibo bilang isang debosyon para sa kapakanan ng Allah. Ito ay tinatawag na kadalisayan ng layunin. Ang lahat ng mga gawaing pagsamba ay dapat lamang idirekta at ilaan para lamang sa Allah, kung hindi, ito ay mahuhulog sa pag-uugnay o pagtatambal sa Allah, ang pinakamalaking kasalanan.

Si Propeta Muhammad (SAWS) ay nagpatuloy sa katuruan sa itaas at nagsabi, " Kung kaya't sinuman ang mangibang-bayan upang malugod ang Allah at ang Kanyang Sugo, ay itatala ayon sa layunin nito, at sinuman ang lumipat para sa makamundong layunin o pagpapakasal, kung gayon ito rin ay itatala ayon sa layunin nito." Ito ay tumutukoy sa kanyang mga alagad na lumilipat mula sa Makkah patungong Medina. Kahit na sila ay gumagawa ng parehong paglalakbay, kaya sa panlabas sila ay mukhang pareho. Gayunpaman, ang kanilang layunin at motibo ay labis na magkaiba.

HMay isa pang bahagi sa pagsambang ito, at iyon ay ang aspeto ng gantimpala.  Ang gantimpala ng isang tao ay maaaring tumaas nang malaki dahil sa kanilang layunin. Ipinaalam sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang isang tao ay maaaring pagkalooban ng Paraiso dahil sa isang salita na kanilang sinabi na binibigkas lamang upang malugod ang Allah. Sa isa pang pahayag, ay sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) ang tungkol sa isang lalaki na naglakbay sa ibang bayan upang bisitahin ang kanyang kapatid na Muslim. Ang Allah ay nagpadala sa kanya ng isang anghel sa anyo ng tao upang itanong sa kanya ang dahilan ng kanyang paglalakbay, ito ba ay para sa layunin ng pagnenegosyo, pagpapakasal o iba pang makamundong dahilan?  Nang sumagot ang lalaki na para lamang sa Allah ang pagdalaw niya sa kanyang kaibigan, ay ipinaalam sa kanya ng anghel na pinatawad siya ng Allah.

Ipinapakita nito kung gaano kahalaga ang layunin.  Ang mga gawaing pagsamba ay para lamang sa Allah.  Kung paanong ang layunin ay makapagpapaangat ng mabubuting gawa at makapagdaragdag ng gantimpala, ang masasamang hangarin ay maaaring gawing kasalanan ang mga gawaing pagsamba na nararapat parusahan.Ipinabatid sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na sa mga kategorya ng mga taong parurusahan sa Araw ng Paghuhukom ay ang mga iskolar ng Islam o mga nagbabasa o bumibigkas ng Qur'an na nagtuturo o nagbabasa lamang upang magpakitang-gilas at magpahanga sa iba, ang kawanggawa na gumugol lamang para magpakitang tao, at  ang mandirigma na lumaban lamang para matawag na matapang at magiting. Ang bawat isa sa mga halimbawa sa itaas ay maliwanag na gumagawa ng isang mabuting gawa at tila makadiyos, ngunit lahat sila ay parurusahan, dahil ang kanilang pagsamba ay hindi para sa gantimpala ng Allah kungdi upang mapabilib ang mga tao at umani ng kanilang papuri.

Ang pangalawang dahilan ng layunin ay para matutunan ang gawaing pagsamba, lalo na kung saan ang magkaparehong gawaing pagsamba ay maaaring ialay. Halimbawa, ang kawanggawa, ang salapi ba ay ibinibigay sa obligadong taunang kawanggawa na dapat bayaran, o ito ba ay isang boluntaryong kawanggawa na ibinibigay, o marahil ay nagbabayad ng kabayaran para sa isang pagkakamaling nagawa?  Ang gawaing pagbibigay ng salapi ay iisa at pareho.  Ang layunin ang naghihiwalay at nagpapakilala dito.

Nakakatulong din ito kapag may pagkakaiba sa pagitan ng mga taong nagsasagawa ng parehong gawain ng pagsamba ngunit sa iba't ibang dahilan. Halimbawa, may isang tao na nakaligtaan ang kanilang pang-araw-araw na panalangin sa tanghali habang sila ay naglalakbay. Pumasok sila sa Masjid dahil ang pang-araw-araw na panalangin sa tanghali ay isinagawa. Ang parehong pang-araw-araw na panalangin sa tanghali at sa hapon ay ginagawa sa parehong paraan. Ang tanging bagay na makakapag-iba sa pagitan ng isang taong nag-aalay ng panalangin o ng isa pa ay ang kanilang layunin.

Ito ang dahilan kung bakit binibigyang-diin ng mga iskolar na Muslim ang kahalagahan ng layunin bago gawin ang bawat mabubuting gawain at gawaing pagsamba. Ito ay upang tiyakin na ang pagsamba ay nilalayon lamang para sa Allah. Ito rin ay upang ang tamang gawain ng pagsamba ay inilaan bago simulan.

NewMuslimPH

newmuslimph

newmuslimPH

www.newmuslimacademy.ph